

# Reading Wikipedia in the Classroom

Paggamit ng Wikipedia sa pagpapalago ng mga kasanayan sa *Media and Information Literacy*



# Maligayang Pagdating!

Masaya kami at nagpakita ka ng interes na mas higit pang matuto sa Wikipedia at kung ano ang gampanin nito sa loob ng silid-aralan. Ang *educational resource* na ito may magpapakita kung paano suriin ang isang artikulo sa Wikipedia, matukoy ang mga pangunahin nitong elemento, at masukat ang kalidad ng impormasyon na mayroon ito. Matututo ka rin ng mga bagong kaparaanan upang matulungan ang iyong mga mag-aaral na malinang ang kanilang mga ika-21 siglong mga kakayahan sa pamamagitan ng Wikipedia.

Simulan natin sa ilang mga pangunahing mga konsepto:




## Ano ang Wikipedia?

Ang Wikipedia ay isang libreng encyclopedia na maaaring i-edit ninuman. Mayroon itong bersyon sa 300 na lengguwahe at bahagi ito ng mas malaking grupo ng mga proyekto patungkol sa pagpapalawak ng kaalaman na suportado ng Wikimedia Foundation. Tulad ng ibang mga encyclopedia, maaaring gawing panimula ang Wikipedia sa pagtuklas ng kaalaman. Ang guro at mga estudyante ay maaring ginagamit na ito.




## Sino ang mga sumusulat ng Wikipedia?

Mga volunteer sa iba't ibang panig ng daigdig na may kanya-kanyang angking kadalubhasaan ang bumubuo ng Wikipedia. Halimbawa, ang mga volunteer sa Bolivia ay tumutulong upang gumawa ng mga nilalaman tulad ng paga-upload ng multimedia resources tungkol sa kanilang sariling kasaysayan, kultura, tradisyon at mga monumento para makita ng tao. Bahagi ng mga komunidad na ito ay nagsasagawa ng mag online at offline na mga aktibidad upang masanay ang mga institution na magbahagi sa Wikipedia.



## Gaano mapagkakatiwalaan ang Wikipedia?

Ayon sa [pananaliksik](#)<sup>(1)</sup> na isinagawa noong 2005, ang Wikipedia ay kasing wasto ng Encyclopedia Britannica. Habang hindi lahat ng artikulo sa Wikipedia ay pantay ang kalidad, ang pinakamainam na paraan upang mapakinabangan ito ay unawain ang mga behind-the-scenes na komunidad at ang mga kaparaanan upang masukat ang impormasyong kanyang nilalaman. Ang brochure na ito ay magtuturo sa inyo kung paano gabayan ang inyong mga mag-aaral kung paano nila mapapakinabangan ang kamangha-manghang resource na ito.



## Paano makakatulong ang Wikipedia sa Klasrum?

Ginagamit ng mga guro sa iba't ibang panig ng mundo ang Wikipedia upang makatulong sa 21st century skills ng mag estudyante. Mula sa pagpapaigi ng mga artikulo ng mga lokal na pagkakakilanlan sa lugar, hanggang sa mga pagsusulat ng bayograpiya ng mga kilalang propesyunal, guro at mag-aaral na nage-edit ng Wikipedia para mahasa ang kanilang kaalaman at ambag sa libreng kaalaman. Isang makapangyarihang gamit ang Wikipedia sa pagtulong sa mga estudyante na maunawaaan kung paano buuin ang kaalaman, punan ang mag kakulangan sa digital content, at kung paano maging matalas sa pagsusuri ng mga kaalamang nakikita nila online.

# Nilalaman ng isang artikulo sa Wikipedia

Tuklasin natin ang iba't ibang elemento na parte ng isang artikulo sa Wikipedia. Mabibigyan kayo pati ang inyong mga mag-aaral ng ilang patnubay para sa mas masusing pag-aaral ng mga impormasyon na makikita sa online at offline.

Ang **"Usapan"** section ay nagpapakita ng mga pag-uusap tungkol sa paksa ng artikulo. Pinapakita dito kung paano binubuo ang nilalaman nito sa pamamagitan ng pagpapalitan ng mga ideya.

Ang tab na ito ay nagpapakita ng mga edits na ginawa sa isang artikulo ng Wikipedia, paano binago ang artikulo sa pagdaan ng panahon, at kung paano kabago ang impormasyong nandito.

Gamitin ang search box upang mangalap ng impormasyon na hindi nangangailangang umalis sa pahina ng Wikipedia.

Ang mga numerong matatagpuan sa isang artikulo sa Wikipedia ay tumutukoy sa mga sangguniang ginamit upang malikha ito. Masusukat ang kaangkopan ng artikulo base sa mga bilang at kalidad ng mga sanggunian na mayroon ito.

Ang mga blue link ay makakatulong saiyong upang matuklas pa ang ilang artikulo sa Wikipedia na konektado sa paksang iyong hinanap. Ang mga red link ay tumutukoy sa mga pahinang hindi pa makikita pero nararapat na magkaroon.

The screenshot shows the Wikipedia article for Fernando Amorsolo. Callout boxes highlight the following elements:

- Usapan**: The discussion tab at the top of the article.
- Search box**: The search bar at the top right of the page.
- Lead section**: The first paragraph of the article, which provides a summary of the subject.
- Table of Contents**: A list of sections and subsections with corresponding numbers.
- Infobox**: A box on the right side of the article containing a portrait of the subject and key biographical information.

Sa lead section nakabuod ang mga mahahalagang punto ng isang artikulo. Nagbibigay ito ng mga pasimulang impormasyon sa mga mag-aaral ukol sa paksang hinanap.

Ito ay mga palatandaan na tumutukoy sa isang artikulo kung ito ay *"good"* o *"featured"* na content. Mayroon naming mga palatandaan na tumutukoy na kailangan pang ayusin ang isang artikulo, maglagay pa mga angkop na basehan (*citations needed*), o potensyal na conflicts.



# Nilalaman ng isang artikulo sa Wikipedia

Habang patuloy na tinutuklas ang isang artikulo sa Wikipedia, makakapaghanap ka pa ng ilang mga elementong makatutulong upang maisaayos ang pangangalap ng impormasyon at mapalawak pa ang kanilang mga sanggunian.

**Mga nilalaman [itago]**

- 1 Talambuhay
  - 1.1 Kabataan at edukasyon
  - 1.2 *Karera*
  - 1.3 Pansariling buhay
- 2 Mga estilo at pamamaraan
  - 2.1 Mga kababaihan at mga tanawin
  - 2.2 Mga unang-hagod na guhit
  - 2.3 Mga larawang pangkasaysayan at larawan ng mga tao
  - 2.4 Mga gawa sa kapanahunan ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig
- 3 Pagsusuri
- 4 Pamana
  - 4.1 Mga guhit ni Amorsolo sa larangan ng kalakalan
- 5 Mga pangunahing gawa
- 6 Mga gantimpala, parangal at pagkilala
  - 6.1 Mga pangunahing ekshibisyon
- 7 Sanggunian**
- 8 Mga panlabas na kawing

Ang nilalaman ng pahina (*table of contents*) ay nagpapakita kung paano nakaayos ang mga nilalaman ng artikulo. Pinapakita nito kung paano nakaayos ang artikulo at nakatutulong sa mga mag-aaral upang mas maging masusi ang kanilang pangangalap ng impormasyon



## Sanggunian [baguhin | baguhin ang batayan]

Ang section ito ay nagtitipon ng lahat na mga sanggunian na ginamit sa artikulo. Maaari rin itong mapalamnan ng mga tala upang maging malinaw o mapalawak pa ang mga impormasyon na makukuha sa artikulo. Ang mga mag-aaral ay maaaring magamit ang section na ito para mapalawak pa ang kanilang pangangalap ng impormasyon sa labas ng Wikipedia at makakuha ng mga pang-akademikong batayan na maaaring maibilang sa kanilang mga pagsusuri. Ang Wikipedia ay simula lamang ng kanilang paghahanap.

- <sup>1</sup> <sup>↑</sup> <sup>1.0</sup> <sup>1.1</sup> <sup>1.2</sup> Hallman, Tim. "Pioneers of Philippine Art: Luna, Amorsolo, Zobel. Asian Art Museum Presents First Exhibition of Filipino Art at Civic Center Home." AsianArt.org, 11 Agosto 2006 <sup>[A]</sup>, kinuha noong: 2 Hulyo 2007.
- <sup>2</sup> <sup>↑</sup> <sup>2.0</sup> <sup>2.1</sup> Fernando C. Amorsolo, *About Culture and Arts, Cultural Profile*, NCCA.gov.ph, 2002<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 30 Hunyo 2007
- <sup>3</sup> <sup>↑</sup> <sup>3.0</sup> <sup>3.1</sup> <sup>3.2</sup> <sup>3.3</sup> <sup>3.4</sup> <sup>3.5</sup> <sup>3.6</sup> <sup>3.7</sup> <sup>3.8</sup> Fernando Amorsolo Biography, *Encyclopedia of World Biography on Fernando Amorsolo*, Thomson Gale, The Thomson Corporation at BookRags.com, 2006<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 30 Hunyo 2007
- <sup>4</sup> <sup>↑</sup> <sup>4.00</sup> <sup>4.01</sup> <sup>4.02</sup> <sup>4.03</sup> <sup>4.04</sup> <sup>4.05</sup> <sup>4.06</sup> <sup>4.07</sup> <sup>4.08</sup> <sup>4.09</sup> <sup>4.10</sup> <sup>4.11</sup> <sup>4.12</sup> <sup>4.13</sup> <sup>4.14</sup> Fernando C. Amorsolo (1892-1972), *National Artists, Cultural Heritage*, GlobalPinoy.com, 2006<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 30 Hunyo 2007
- <sup>5</sup> <sup>↑</sup> <sup>5.0</sup> <sup>5.1</sup> <sup>5.2</sup> <sup>5.3</sup> Ocampo, Ambeth. *Amorsolo's Brush with History*, Lopez Memorial Museum, Eugenio Lopez Memorial Foundation, LopezMuseum.org.ph, 2003<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 30 Hunyo 2007
- <sup>6</sup> <sup>↑</sup> <sup>6.0</sup> <sup>6.1</sup> <sup>6.2</sup> <sup>6.3</sup> <sup>6.4</sup> <sup>6.5</sup> <sup>6.6</sup> Anciano, Daniel M. *Filipinos in History: Fernando Amorsolo*, Geocities.com (walang petsa)<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 1 Hulyo 2007
- <sup>7</sup> <sup>↑</sup> <sup>7.00</sup> <sup>7.01</sup> <sup>7.02</sup> <sup>7.03</sup> <sup>7.04</sup> <sup>7.05</sup> <sup>7.06</sup> <sup>7.07</sup> <sup>7.08</sup> <sup>7.09</sup> <sup>7.10</sup> <sup>7.11</sup> Benesa, Leo. "An Amorsolo Festival"<sup>[B]</sup> (na nagmula rin sa Philippine Sunday Express, 16 Nobyembre 1975). *What is Philippine about Philippine Art? and Other Essays* (Ano ba maka-Pilipinas sa Sining ng Pilipinas? At Iba Pang mga Sanaysay), Manila: Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining, 2000, pp. 24-27.
- <sup>8</sup> <sup>↑</sup> <sup>8.0</sup> <sup>8.1</sup> <sup>8.2</sup> <sup>8.3</sup> <http://www.geringerart.com/vp1.html><sup>[B]</sup>
- <sup>9</sup> <sup>↑</sup> *Gift of the Filipino Artist, Fernando Amorsolo*, Web Page 2, ThinkQuest.org (walang petsa)<sup>[B]</sup>, kinuha noong: 30 Hunyo 2007
- <sup>10</sup> <sup>↑</sup> <sup>10.0</sup> <sup>10.1</sup> *Philippine On-line Encyclopedia Project*. Hasloo.com (walang petsa)<sup>[B]</sup>.

# Mga indikasyon na maganda ang kalidad ang isang artikulo sa Wikipedia



## Mga Positibong indikasyon:

- ★ Naglalaman ito ng ilang mga sanggunian mula sa mapagkakatiwalaang mga sanggunian.
- ★ Mayroong impormatibo at malinaw na lead section.
- ★ Ito ay naglalaman ng ilang mga mahahalagang aspeto patungkol sa isang paksa.
- ★ Nagpepresenta ng isang balanse at organisadong nilalaman.
- ★ Nakasulat ito sa isang neutral na perspektibo.

## Mga Negatibong indikasyon:

- ❖ Wala itong mga sanggunian.
- ❖ Mayroon itong warning banner.
- ❖ Mayroon itong mga maling pagkakabaybay o pagkakamali sa gramatika.
- ❖ Mayroon itong pinaglumaan nang impormasyon tungkol sa isang pangkasalukuyang paksa.
- ❖ Mayroon itong mga opinyong walang basehan at value statements.



*Buti na lang at maaari pa itong maisaayos!*



## Subukan ito!

Bisitahin ang mga artikulo sa Wikipedia na makikita sa ibaba at magbigay ng paunang suri sa kalidad nito base sa mga ipinakitang positibo at negatibong indikasyon:

- [Ferdinand Marcos](#)
- [Maynila](#)
- [Andres Bonifacio](#)

# Paggamit ng Wikipedia sa Klasrum

Binibigyang-halaga ng *Media and Information Literacy (MIL) Framework*<sup>(2)</sup> ng **UNESCO** ang tatlong kalinangan na makakatulong sa pagbuo ng mapanuring pagtrato sa mga *digital platforms* at upang maging isang responsableng Netizen. Ang tatlong kalinangan na ito ay : paraan ng pagkuha, pagsusuri at paghabi ng mga impormasyon.

Maaaring gamitin ng mga guro ang Wikipedia para matulungan ang kanilang mga mag-aaral na malinang ang kanilang MIL na kakayahan sa pamamagitan ng pag-aaral na: matiyak ang kanilang kailangang impormasyon; makahanap ng mga impormasyon sa iba't ibang mga pinanggalingan; masuri ang ang mag impormasyon at media na kailangan at upang maunawaan kung paano gumawa ng impormasyon. Dahil dito, matututo ang mag-aaral na pakinabangan ang kanilang *digital space* at ang paraan ng pagkonsumo nila ng impormasyon ay magiging mahusay at magbabago. Dagdag pa rito ang pundasyon nila na kailangan sa aktibong pagbabahagi ng nilalaman ng Wikipedia sa hinaharap ay magiging aktibo. mula sa pagiging consumer ng impormasyon patungo sa pagiging aktibong kontributor sa paglikha ng kaalaman para sa kapakanan ng mas nakararami.

**Makikita sa ibaba ang ilan sa mga patnubay na katanungan para matulungan ang mag mag-aaral na malinang ang unang dalawang kalinangan ng UNESCO MIL gamit ang Wikipedia.**

## Gabay ng mga mag-aaral kung paano matatagpuan ang kanilang impormasyong hinahanap:

- Alamin kung ano ang hindi nila alam - *Ano ang nais nilang malaman?*
- Pag-ibayuhin ang kanilang pananaliksik- *Anong mga tanong at keywords ang magdadala sa impormasyong kailangan nilang malaman?*
- Paggamit ng mas maraming search engines - *Nasaan ang search button ng Wikipedia? Saan pa makikita ang impormasyong ito?*
- Sundan ang mga hyperlinks - *Saan-saan pa matututunan ang paksang ito? Ano ang mga kalapit na konsepto upang nigit pang maunawaan ang paksang ito?*

## Gabay ng mga mag aaral sa pagsusuri sa impormasyog kanilang hinahanap:

- Kilalanin kung saan galing ang mga sanggunian sa **Mga Sanggunian** na seksiyon - *Saan nanggaling ang impormasyong ito? Ito ba ay mapagkakatiwalaan?*
- Maghanap ng karagdagang detalye sa **View History** na seksiyon - *Ito bang impormasyon na ito ay makabago? Marami bang mga tao ang gumagawa para dito?*
- Humanap ng mga indikasyon ng babala sa **Warning Banners** - *Ano ang kulang sa artikulo na ito? Paano pa mapapabuti ang artikulong ito?*
- Masusing tingnan ang istilo ng lengguwahe at ang intensyon - *Ito ba ay patas na saloobin? Ito ba ay batay sa opinion na walang basehan o mas pinapahalagahan ang kuro-kuro keso katotohanan.*
- Maaring balikan ang mga nauna ng opinion at usapan sa **Talk Page** - *Anong impomasyon ang kinukwestyon? Anong mga talakayan ang ginawa patungkol sa paksang ito?*

Sa susunod na seksyon ay mababasa nyo ang "**Lakbay Kaalaman**". Ang aktibidad na ito ay dinisenyo para sa mga mag-aaral upang pag-isipan at itala ang kanilang paglalakbay sa pagtuklas ng kaalaman sa Wikipedia habang naghahanap sila ng impormasyon, sinusuri ang mga impormasyon patungkol sa sagot sa kanilang mga katanungan.



# Lakbay Kaalaman

**Panuto:** Gamitin ang worksheet na ito suriin ang inyong paghahanapng impormasyon sa Wikipedia. Sagutin ang bawat tanong sa bawat kahon hanggang maabot ang "Finish" line. Ikumpara ang iyong mga sagot sa sagot ng iyong mga kaklase.



Alin na mga sanggunian ng impormasyon ang sunod kong bibisitahin?



Ano ba ang mga pangunahing diskusyon tungkol sa paksang ito na makikita sa "Usapan" na pahina?



Paano ko ba matutukoy kung mga ito'y katotohanan o opinyon lamang?



Ano ba ang mga mahalagang impormasyon na aking mahahanap?



Ano ba ang mga negatibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?



Ano ba ang mga positibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?



Alin bang mga artikulo ang sa tingin ko ay makakatulong?



Ano ba ang aking hinahanap? Ano ang mga keyword na maaari kong gamitin sa paghahanap?

**Magsimula Na!**

# Lakbay Kaalaman - Halimbawa at Rubric

Dito makikita ang halimbawa ng kumpletong Lakbay Kaalaman Worksheet at ang halimbawang rubric kung paano susuriin ang gawain. I-angkop at palitan kung nararapat.



Sunod, babasahin ko ang mga sangguniang ito na nakapaloob sa mga artikulo ng Wikipedia na aking nasuri:

- [Grand Old Man of Philippine Art](#)
- [Pioneers of Philippine Art: Luna, Amorsolo, Zobel](#)
- [Encyclopedia of World Biography on Fernando Amorsolo](#)

Alin na mga sanggunian ng impormasyon ang sunod kong bibisitahin?

Nakatala sa Usapan Pahina na ang artikulong ito ay napili nang pamayanan bilang isa sa pinakamabuting artikulo sa Wikipediang Tagalog

Ano ba ang mga pangunahing diskusyon tungkol sa paksang ito na makikita sa "Usapan" na pahina?

Ang mga pangunahing detalye sa buhay ni Amorsolo, ang kanyang mga nagawa at mga gantimpala at parangal na naabot sa kanyang buhay at karera.

Paano ko ba matutukoy kung mga ito'y katotohanan o opinyon lamang?

Hindi ito mga opinyon sapagkat nakikita ko ang mga sangguniang pinagkunan sa paggawa ng mga teksto.

Ano ba ang mga mahahalagang impormasyon na aking mahahanap?

Ano ba ang mga negatibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?

Ang mga artikulo na aking nakuha sa Wikipedia ay maraming sanggunian. Ang pangunang talata ay nagbibigay ng kaalaman sa iba't-ibang aspeto ng buhay ni Amorsolo.

Ano ba ang mga positibong indikasyon na maaari kong makita sa mga artikulong ito?

Hindi ako nakakita ng negatibong indikasyon sa kalidad ng mga artikulo, marami itong sanggunian, bago ang impormasyon at walang nakalagay na babala.

- [Fernando Amorsolo](#)
- [Fernando Amorsolo: Mga Panguhaning Nagawa](#)
- [Pambansang Alagad ng Sining](#)

Alin bang mga artikulo ang sa tingin ko ay makakatulong?

Ano ba ang aking hinahanap? Ano ang mga keyword na maaari kong gamitin sa paghahanap?

Naghahanap ako ng mga impormasyon tungkol sa talambuhay ni Fernando Amorsolo, halimbawa ng kanyang mga gawa at mga gantimpala.

**Magsimula Na!**

Ang mga mag-aaral ay....	Puntos
Nakilala ang mga mahahalagang salita sa at mga parametro sa paghahanap	
Nasuri ang artikulo gamit ang positibo at negatibong mga indikasyon ng kalidad	
Na-buod ang impormasyong kanilang hinahanap upang masagutan ang kanilang orihinal na tanong	
Natukoy kung ang artikulo ay naglalaman ng katotohanan o opinyon	
Nakalista ng iba pang sanggunian ng impormasyon upang maipagpatuloy ang pananaliksik	

3	Malinaw na nagpapakita ng pag-unawa
2	May ilang pagpapakita ng pag-unawa
1	Hindi kumpletong nasagot ang gawain




## Mga Karagdagang mapagkukunan ng impormasyon:

- “My Knowledge Quest” bersyon na maaaring i-edit: Makikita sa Wikimedia Commons (<https://w.wiki/WMB>)
- Karagdagan pang mga lesson plan kung paano magagamit ang Wikipedia sa pagtuturo: Malayuang pag-aaral gamit ang mga proyekto ng Wikimedia (<https://w.wiki/MZL>)
- Iba pang mga pwedeng gawing aktibidad: #EduWiki Challenges (<https://tinyurl.com/y9bxvdww>)
- Motivational video: Ang kaalaman ay para sa lahat (<https://w.wiki/WLP>)
- Gabay sa paggamit ng Wikipedia ni John Green: Crash Course Navigating Digital Information (<https://youtu.be/ih4dY9i9JKE>)
- Mga kwento tungkol sa Wikimedia education: Ngayong buwan sa Edukasyon (<https://w.wiki/Dfq>)
- Maghanap ng mga Wikimedian sa inyong bansa: Wikimedia Movement Affiliates (<https://w.wiki/WLR>)

## Mga Sanggunian:

1. Giles, J. Internet encyclopaedias go head to head. *Nature* 438, 900–901 (2005). <https://doi.org/10.1038/438900a>
2. UNESCO. (2019). Media and Information Literacy. Retrieved 7 July 2020, from <https://en.unesco.org/themes/media-and-information-literacy>

Ito ay isang libreng educational resource na nakarehistro sa ilalim ng CC BY-SA 4.0 license. May pahintulot kang idownload, ipamahagi, gamitin, i-remix, at iangkop ito.



# Salamat sa iyong interes sa Wikipedia!

Umaasa kaming nasiyahan ka dito!

Ito ay sample ng training toolkit na inihahanda naming  
para sa mga guro na mabubuo sa 2021.

Nais mo bang laging makibalita sa proyektong ito?

Mag-[Subscribe](#) sa aming mailing list!

Ibahagi ang iyong karanasan sa paggamit ng resource  
na ito at manatiling konektado sa lahat ng kaalaman  
sa pamamagitan ng aming mga proyekto sa  
Wikimedia.

I-click ang mga icon sa ibaba para mapuntahan an  
aming channel o kaya ay magtungo sa  
<https://education.wikimedia.org>

